## Trigger Lock

### Ano ito:

Dalawang-pirasong kandado na inilalagay sa loob ng trigger guard para pigilang mahila ang gatilyo.

Isang kumbinasyon, pindutan, o susi ang nagla-lock dito.

### Presyo:

$5 hanggang $30 o higit pa



### MGA KALAMANGAN

- ✓ **Abot-kayang Halaga**
- ✓ **Maliit**
- ✓ **Naaakses**

### MGA KAWALAN

- **Hindi ligtas sa magnanakaw**
- **Hindi akma sa lahat ng uri ng baril**
- **Maaaring masira ang mga kandadong mababa ang kalidad**

## Bakit Dapat Mong I-lock Ang Iyong Mga Baril



Mayroong dose-dosenang kagamitang pang-lock ng iyong mga baril. Kapag wala sa iyo ang iyong baril, maaari itong kunin at gamitin sa maling paraan. **Hindi kailanman dapat malaman ng mga bata o ng mga hindi awtorisadong tao ang iyong kumbinasyon o kung saan mahahanap ang susi.**

### Panatilihin itong naka-lock upang:

**Maiwasang manakaw ang iyong baril**

**Maiwasang mahanap at gamitin ng mga bata ang iyong baril**

**Mapigilan ang mga tao na magpakamatay sa isang sandali ng krisis**

**Maiwasang makarating ang mga baril sa paaralan**

# LOCK IT UP

SIMPLE. LIGTAS. HANDA.

**www.lockitup.org**

Iuugnay ka namin sa mga lalagyang nagpapanatiling ligtas, segurado, at handa sa iyong mga baril.

**Maaaring mabili ang mga kagamitang pang-lock saanman ibinibenta ang mga baril at dagdag na gamit:**

- Mga tindahan ng baril
- Mga tindahan ng gamit pampalakasan
- Mga tindahan ng kaha
- Mga tindahan ng hardware
- Online

Para sa diskwento sa isang lalagyan, bisitahin ang isa sa aming mga kasosyong tindahan at banggitin ang programang ito.

Public Health
Seattle & King County

Tagalog

# MGA KAGAMITANG PANG-LOCK NG BARIL



Alin ang tama para sa iyo?

LOCK IT UP

SIMPLE. LIGTAS. HANDA.



## Mga Kagamitang Pang-Lock Ng Baril

Mayroong dose-dosenang kagamitan na maaaring mag-lock ng iyong mga baril. Inirerekomenda ng maraming eksperto ang mga lockbox, mga kaha, o gun vault na may pindutan, kumbinasyon, o keypad na lock.

**SIMPLE** lang ang pag-lock ng baril. Ang mga ligtas na lalagyan ay hindi kailangang mahal o kumplikado, at mabibili ang mga ito sa mga tindahan at online.

Ang naka-lock na baril ay **LIGTAS**. Ang iyong naka-lock na baril ay napakahirap o imposibleng makuha ng magnanakaw. At maaari mong protektahan ang mga mausisang bata at mga taong nasa krisis na saktan ang kanilang mga sarili o ang ibang tao.

Ang naka-lock na baril ay **HANDA**. Maaari mong buksan ang naka-lock na kaha o ibang mga lalagyan nang mabilisan sa oras ng kagipitan.

## Lockbox

### Ano ito:

Isang maliit na kaha na dinisenyo upang maging ligtas na lalagyan ng baril. Karamihan nito ay maaaring i-bolt o iseguro gamit ang kable.

Binubuksan ito gamit ang isang kumbinasyon, digital na keypad, biometric na pagkakakilanlan gamit ang tatak ng daliri, o susi.

### Presyo:

$25 hanggang mahigit sa $200



### MGA KALAMANGAN

- ☑ **Abot-kayang halaga**
- ☑ **Ligtas sa magnanakaw**
- ☑ **Maliit**
- ☑ **Naaakses**

### MGA KAWALAN

- **Mas mahal kaysa sa ibang mga mapagpipilian**

## Gun Vault o Safe

### Ano ito:

Isang malaking kahang bakal na idinisenyo upang mapaglagyan ng mahahabang baril, mga handgun, o mga mahahalagang kagamitan.

Binubuksan ito gamit ang kumbinasyon, digital keypad, biometric na pagkakakilanlan, o susi.

### Presyo:

$150 hanggang libu-libo



### MGA KALAMANGAN

- ☑ **Maraming Mapaggagamitan**
- ☑ **Ligtas sa Magnanakaw**
- ☑ **Malaki**
- ☑ **Matibay**

### MGA KAWALAN

- **Mabigat at mahirap ilipat**
- **Mas mahal kaysa sa ibang mga mapagpipilian**

## Cable Lock

### Ano ito:

Isang aparato na humaharang sa kamara upang maiwasan ang pagputok ng baril. Ang kable ay maaaring ipasok sa well ng magasin, kamara, o gun barrel upang harangan ang paglipat sa posisyon ng cartridge.

Nabubuksan ang lock gamit ang isang kumbinasyon o susi.

### Presyo:

Gratis ($0) hanggang $20 o higit pa



### MGA KALAMANGAN

- ☑ **Libre o Abot-kayang Halaga**
- ☑ **Iba't ibang Mapaggagamitan**

### MGA KAWALAN

- **Hindi maiiwasang manakaw**
- **Maaaring maputol ang ibang mga kable**
- **Hindi lahat ay akma sa lahat ng mga baril**